

Ang Mga Bata, Pamilya na Bingi/Hirap Makarinig o Bulag ay Maaaring Lumahok sa Telehealth

Kung may anak kang bingi o hirap sa pagdinig (D/HH) o bulag (kung ikaw ay D/HH o bulag), maaari kang magpatingin sa kanilang doktor sa ginhawa ng inyong tahanan. Maaaring maghandog ang inyong pediatric na tanggapan ng mga telehealth na pagpapatingin sa video o telepono bilang opsyon. May mga kasangkapan na magpapasimpleng sumali.



Talakayin ito sa pediatrician mo

Maaaring natulungan ka ng paaralan mong pumili ng mga kasangkapan na nakakatulong sa pakikipag-usap sa anak niyo. Maaari ka ring matulungan ng mga kasangkapang ito sa isang video o teleponong pagpapatingin sa doktor. Ang unang hakbang ay kumonekta sa doktor mo at ipaalam sa kanila ang mga pangangailangan ng anak mo. Gagawa sila ng plano para masiguro na makakausap niyo ang bawat isa sa telehealth na pagpapatingin. Ang ilang mga bata ay maaaring okay sa pagpapatingin sa doktor sa pamamagitan ng video. Ang ilan ay maaaring mas mainam kapag personal. Depende ito sa anak mo at kung ano ang pinakamahasay na gumagana sa kanila.

Humingi ng tulong

Batas ito sa Estados Unidos na lahat ng mga telepono, pag-text, email, at video ay dapat gumana para sa mga taong may kapansanan. Gayun din ang para sa tanggapan ng pediatrician mo. Kausapin ang kawani bago pa man tungkol sa mga pangangailangan mo. Makakagawa sila ng mga plano at makakapagtalaga ng mga kasangkapan na makatutugon sa mga indibiduwal mong pangangailangan. Kung hindi ka sigurado tungkol sa kung anong app o mga device ang gagamitin, masasabi sa iyo ng kawani ng opisina ang:

- Kung anong mga kasangkapan ang gagamitin nila sa mga pasyente na D/HH o bulag
- Payo sa kung ano ang pinakamahasay na gagana para sa anak mo
- Paano makuha ang kagamitang kailangan mo

Alalahanin, ang tanggapan ng pediatrician mo ay kasosyo para gawin ang pinakamahasay para sa iyo at sa anak mo. Kapag natukoy mo ang mga kasangkapang gagamitin, mapapayuhan ka nila kung paano makukuha ito kung wala ka pa ng mga ito.

Mga Kasangkapan sa Pagdinig

Video meeting software (tulad ng Zoom, GoTo Meeting, Skype, atbp.) ay may mga built-in na tampok para tulungan ang mga taong D/HH. Ang mga tanggapan ng mga doktor ay maaari ring may espesyal na software para lang sa mga video na pagpapatingin. Maaari niyong i-on ang closed captioning para makita ang mga salita sa screen. Maaaring makatulong ito para sa mga mas matatandang bata na nakakabasa. Maaari ka ring makakuha ng transcript ng pakikipag-usap mo sa pamamagitan ng sulat matapos ang pagpapatingin.

Ang ganitong klase ng software ay maaaring makapagbukas ng pangalawang screen para ipakita sang mga tagapagsaling-wika na gumagamit ng American Sign Language, Signed English, o pagbasa ng pagsasalita (labi). Maaari din silang sumali sa video call sa parehong screen. Makakasali ang ilang mga tagapagsaling-wika gamit ang video relay service (VRS) kung saan nakikita ka nila at ang anak mo sa screen. Kasabay nito, makakakonekta sila sa doktor sa telepono. Sasabihin nila sa doktor kung ano ang sinasabi ng anak mo.

Kung gumagamit ka ng cellphone para sa pagpapatingin ng anak mo, ang serbisyong 711 TTY ay isang paraan para kausapin ang doktor. Ang libreng serbisyong ito ay gumagamit ng assistant para gawing pagsasalita ang text at pagsasalita sa text. Ita-type mo o ng anak mo ang mga salita, at ipapadala ito ng TTY sa doktor gamit ang salita. Pagkatapos, ang mga salita ng doktor ay ibabalik sa iyo bilang text. Karamihan ng mga cellphone ay may nakabuong TTY.

Ikaw o ang tanggapan ng doktor mo ay maaaring mag-set up ng mga ito o mga ibang kasangkapan para sa pagbisita mo. Siguruhin lang na kausapin sila tungkol sa kung ano ang kailangan mo bago pa man.

Mga Kasangkapan sa Pagtingin

Ang video na pagpapatingin ay makakatulong sa inyong pediatrician para makita nila ang anak mo. Kung ang anak mo ay bulag o mahina ang paningin, paano sila makakasali? Ilalarawan ng doktor kung ano ang nangyayari. Magagawa mo din ito sa iyong banda. Sa gayon, mararamdaman ng anak mong kaugnay siya.

Ang video meeting software ay gumagana sa mga screen reader kung gumagamit ang doktor ng text o mga litrato sa panahon ng pagbisita. Maa-adjust mo din ang kulay at laki ng font o lumipat sa dark mode. Makakatulong ang mga kasangkapang ito depende sa edad at kakayahan ng anak mo.

Maghanda!

Bago ang pagpapatingin, kausapin ang anak mo tungkol sa paano ito naiibang paraan para magpatingin sa doktor. Sabihin sa kanilang maaaring magtanggap ang doktor at maririnig ng doktor ang kanilang mga sagot o magsasalita ang tagapagsaling-wika para sa pagsenyas nila. Ipaalam sa kanila kung gaano ang itatagal ang pagpapatingin.

Narito ang ilang mga payo:

1. I-set up ang device at mga kasangkapan na gagamitin mo sa kasing tahimik na kuwarto hangga't posible. Magbasa pa tungkol sa paghahanda sa Telehealth 101.
2. Tanungin ang doktor kung gaano katagal dapat maging aktibong bahagi ang anak mo sa pagpapatingin.
3. Ang mga mas matatandang bata ay dapat lumahok sa pagpapatingin sa doktor; maghanda ng laruan o aktibidad para sa mga mas batang bata.

Maaaring hilingin ng doktor na tingnan ang pagbubutlig o madinig kung paano humihinga o naglalakad ang anak mo. Maaaring ipabukas nila sa anak mo ang kanilang bibig. Makakatulong ka sa paghahanda ng flashlight para makita ng doktor nila ang kanilang lalamunan.

Makakatulong na pag-usapan ang lahat ng mga posibilidad na ito bago pa man sa telehealth (at personal) na pagpapatingin nang mas suwabe.

Tandaan

Marunong makipag-usap ang mga pediatrician sa mga bata kahit na gumagamit ng mga espesyal na kasangkapan para sa mga bata na may mga paghamon sa pagdinig o paningin. Alam nila kung ano ang hahanapin tinitingnan mo man sila nang personal, sa telepono, o sa video screen. Kapag mga tamang kasangkapan ang ginagamit ng anak mo para tulungan silang maging bahagi, magkakaroon sila ng mas mahusay na pagpapatingin.